# Sarili, Kapwa, Iba: Ang Trikotomiya ni Zeus Salazar sa Pagpopook ng Kakanyahang Pilipino sa Kabihasnang Pan-Malayo at Austronesyano

**Mark Joseph P. SANTOS**
Centro Escolar University - Manila
mpsantos@ceu.edu.ph
https://orcid.org/0000-0003-0729-5895

**ABSTRAK**

Ang sanaysay na ito ay isang pagsisiyasat sa rehiyunalistang batayan ng nasyonalistang historiograpiya ni Zeus Salazar. Isinagawa ito sa pamamagitan ng eksposisyon sa kanyang trikotomiya ng sarili, kapwa at iba. Ang mahabang panahon ng kolonyalismo ay nagdulot ng pagkakagapos ng kakanyahang Pilipino sa Kanluran. Nagkaroon ito ng samu't saring implikasyon sa historiograpiyang Pilipino tulad ng pananaig ng tatluhang paghahati ng kasaysayan (prekolonyal-kolonyal-postkolonyal), labis-labis na pagtuon sa panahong kolonyal, at pagdakila sa mga banyagang impluwensya. Binaybay ang walong piling akda ni Salazar upang ipakita kung paanong ang kanyang pagpopook ng kakanyahang Pilipino (sarili) sa mundong Pan-Malayo (malapit na kapwa) at Austronesyano (malayong kapwa) ay ang lunas sa mga suliraning ito, na dala ng pagkakagapos sa Kanluran (iba). Ang pagbabalik-loob na ito sa Pan-Malayo at Austronesyanong nakaraan ng Pilipinas ay isang instrumento para sa dekolonisasyon ng kamalayang pambansa, tungo sa pakikipag-ugnayan ng sarili bilang kapantay ng kapwa at iba.

*This essay is an analysis of the regionalist basis of Zeus Salazar's nationalist historiography. It is accomplished through the exposition of his trichotomy of sarili (self), kapwa (shared self), and iba (other). The long period of colonization caused the bondage of Filipino identity to the West. It brought various implications to Filipino historiography such as the triumph of the tripartite partition of history (precolonial-colonial-postcolonial), excessive focus on colonial period, and veneration of foreign influences. It surveyed eight selected works by Salazar to show how his contextualization of Filipino identity (sarili) to Pan-Malayan (malapit na kapwa) and Austronesian world (malayong kapwa) is the antidote to these problems caused by Western bondage (iba). This return to Pan-Malayan and Austronesian past of the Philippines is an instrument for the decolonization of the national consciousness, toward an interaction of "sarili" to "kapwa" and "iba" as its equal.*

***Mga Susing Termino:*** *trikotomiya, nasyonalistang historiograpiya, rehiyunalismo, Pan-Malayo, Austronesyano*

Santos, Mark Joseph P. "Sarili, Kapwa, Iba: Ang Trikotomiya ni Zeus Salazar sa Pagpopook ng Kakanyahang Pilipino sa Kabihasnang Pan-Malayo at Austronesyano" *TALA* 3:2 (December 2020), 1 – 30.

## Panimula

Marami ang nakakikilala kay Zeus Salazar dahil sa kanyang pagiging nasyonalistang historyador, na pinaka ilustratibo sa kanyang itinayong eskwela ng kaisipan sa historiograpiya na Pantayong Pananaw (PP). Ngunit kakaunti lamang ang nakakaalam na si Salazar ay isa ring tahasang rehiyunalista. Isa ito sa mga aspekto ng kapantasan ni Salazar na tila hindi nababanggit sa mga akademikong literaturang isinulat ng mga pantas na nasa labas ng sirkulo ng Bagong Kasaysayan (BAKAS).[1] Ang rehiyunalismo na ito ni Salazar ay hindi taliwas sa kanyang nasyonalismo. Sa katunayan, ang rehiyunalismong ito ang salalayan ng mas malalim na teoretisasyon ng kanyang nasyonalistang historiograpiya. Ang komplementaridad ng rehiyunalismo at nasyonalismo ni Salazar ay maiintindihan kung gagamitin ang balangkas ng kanyang tinaguriang "trikotomiya." Unang beses niyang nabanggit ang terminong ito sa kanyang palitang-kuro kay Ramon Guillermo noong 1999*,* na kalaunan ay inilimbag niya kalakip ng kanyang salin mula Aleman tungong Filipino ng *Manifesto ng Partido Komunista* nina Marx at Engels. Bilang tugon sa pahayag ni Guillermo na may pagkamakipot ang pagtrato ng Pantayong Pananaw sa pakikipag-ugnayan ng Pilipinas sa ibang bansa dahil mayroon umano itong "pagtatakda ng mahihigpit na hangganan sa pagitan ng 'sarili' at 'banyaga,'" ito ang naging tugon ni Salazar:

> "Hindi dikotomiya ng 'sarili' (katagang-ugat ng 'Kasarinlan' at "Pagsasarili") at 'banyaga' o 'dayuhan' ang importante sa PP. Dikotomiya ito ng komprontansyunal na ideolohiyang 'anti-imperyalista' na 'reaktibo' at, samakatuwid, ay 'pangkami.' Kung nabasa mo na ang aking papel tungkol [sa] 'Pook at Materyang Pangkasaysayan' makikita mo na mas pundamental sa PP ang trikotomiyang 'sarili,' 'kapwa' at 'iba' na ang talaga namang katangian ay osmosis sa halip na pagkasarado ng mga hangganan."[2]

[1] Ilan sa mga akda ng mga tagapagsulong ng Bagong Kasaysayan na may pagtalakay sa rehiyunalismo ni Salazar ay ang mga sumusunod: Atoy M. Navarro, "Araling Kabanwahan, Kasaysayang Kabanwahan, at Araling Timog Silangang Asya," *Saliksik E-Journal* 1:2 (2012): 1-32; Atoy M. Navarro, "Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar: Tagapangunang Paham ng Araling Kabanwahan," in *Pantayong Pananaw: Pagyabong ng Talastasan. Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar*, eds., Atoy M. Navarro, et al, 253-261 (Quezon City: Bagong Kasaysayan Inc., 2015); at Adonis L. Elumbre, "Lokalisasyon at Kabanwahan Bilang mga Lapit sa Rehiyunalismo ng Timog Silangang Asya," in *Pantayong Pananaw: Pagyabong ng Talastasan,* eds., Navarro, et al, 262-285.

[2] "Palitang Kuro sa Internet", in Karl Marx, Friedrich Engels, *Manifesto ng Partido Komunista*, ed. and trans. Zeus A. Salazar (Quezon City: Bagong Kasaysayan Inc., 2000), 198.

© 2020 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

Ang reduksyon sa PP bilang dikotomiya na nagsusulong ng tunggalian sa pagitan ng sarili (Pilipinas) at iba (banyaga) ang ugat ng mga kritisismo rito bilang eksklusibista at natibista.[3] May tendensya ito umano na maging sarado sa anumang banyagang impluwensya, at may eksklusibong pagtuon sa anumang itinuturing bilang katutubo. Subalit tulad ng siniping pahayag sa itaas, mas masalimuot kaysa dikotomiya ng sarili at iba ang pormulasyon ni Salazar. Para sa kanya, hindi lahat ng nasa labas ng sarili ay iba. Ilan sa mga ito ay kapwa. Kapwa ang kanyang turing sa mga kabihasnang may likas na pangkalinangang ugnayan sa Pilipinas. May dalawang antas ang mga kabihasnang itinuturing ni Salazar na kapwa. Ang una ay ang mas malapit na antas ng kapwa na kinabibilangan ng mga bansang Pan-Malayo tulad ng Malaysia at Indonesia. Tinagurian niya itong *Dunia Melayu* o Mundong Malayo. Ang ikalawa naman ay ang mas malayo na antas ng kapwa na kinapapalooban ng mga kalinangang Austronesyano. Liban sa mga bansa ng Dunia Melayu, kasapi rin sa kategoryang ito ang mga bansa sa Polynesia, Melanesia, Micronesia, at maging ang New Zealand at Madagascar.

Sa halip na tunggalian ng sarili at iba, mas pinagtutuunan ni Salazar ang pagpopook ng Kapilipinuhan sa dalawang antas na ito ng kapwa. Isang dominanteng tema sa mga akda ni Salazar ang paggigiit na ang sinaunang kasaysayan ng Kapilipunuhan, bago pa ang pagdating ng mga Kanluranin, ay may malalim nang pagkakaugat sa kabihasnang Pan-Malayo at Austronesyano. Ang pagpopook na ito ay mabisang istratehiya ni Salazar sa larangan ng pulitika ng identidad. Matagal na panahong nangibabaw ang kolonyal na kamalayan sa pagsasakasaysayan ng Pilipinas. Ilang dekadang ipinagpalagay na ang identidad/kakanyahan ng Kapilipinuhan ay konstruksyon lamang ng Kanluraning kolonyalismo. Kinabaka ito ni Salazar sa pamamagitan ng argumento na nakaugat ang kakanyahan ng Kapilipinuhan sa kabihasnang Pan-Malayo at Austronesyano, sa halip na sa Kanluraning kolonyalismo. Samakatuwid, ang trikotomiya ni Salazar ay isang ideolohikal na instrumento ng dekolonisasyon. Ang trikotomiya ni Salazar ay tila isang higanteng gunting na pumuputol sa *umbilical cord* na nag-uugnay sa Kapilipinuhan (sarili) sa pusod ng huwad na inang Euro-Amerikano (iba), upang ito ay maidugtong sa orihinal nitong pangkalinangang nanay, ang mundong Pan-Malayo at Austronesyano (kapwa).

[3] Para sa paliwanag ukol sa mga kritisismong ito sa PP, tingnan ang Mark Joseph P. Santos, "Ang Paglago ng Pantayong Pananaw sa Konteksto ng Kapantasan ni Zeus A. Salazar: Isang Maikling Pagsasakasaysayan, 1951-2019" *TALA* 2, no. 2 (December 2019), 78-81.

© 2020 Mark Joseph P. Santos

Ang kasalukuyang papel ay isang tangkang eksposisyon sa trikotomiya na ito ni Salazar, sa pamamagitan ng pagsisiyasat sa ilang halimbawa ng kanyang mga akda. Sentral na tesis nito ang proposisyong ang trikotomiya ni Salazar ang teoretikal na pundasyon ng kanyang rehiyunalismo, na siya namang batayan ng kanyang mas malalim na pagdadalumat ng nasyonalistang historiograpiya, tungo sa tunay na pagsasarili ng Kapilipinuhan.

## Sarili at Iba: Ang Pagkakagapos ng Kakanyahang Pilipino sa Kanluraning Kolonyalismo

Ang patuloy na pagkakagapos ng mga Pilipino sa kamalayang kolonyal ay malikhaing nailarawan ng nasyonalistang teologo na si Jose de Mesa.[4] Alinsunod sa ilang mga pag-aaral sa sikolohiya, malaking bahagi ng persepsyon ng isang tao sa kanyang sarili ay nakabatay sa paraan ng pagpapalaki sa kanya ng kanyang mga magulang noong siya ay bata pa. Ang mga batang maayos na inaruga ay may tendensyang magkaroon ng positibong imahe ng sarili, samantalang kabaliktaran nito ang mga batang nakaranas ng pang-aapi at kawalan ng kalinga ng magulang. Ang uri ng pagtrato ng kanilang mga magulang sa kanila ay unti-unti nilang naisasaloob o naiinternalisa, hanggang sa ang tingin sa kanila ng kanilang mga magulang ay maging tingin na rin nila sa kanilang mga sarili. Ang nainternalisang imaheng ito ay mabibitbit nila hanggang sa kanilang pagtanda. Kahit na matagal nang wala ang kanilang mga magulang sa kanilang tabi ay patuloy pa ring operatibo ang ipinamanang imahe sa kanila ng mga ito. Ayon kay de Mesa, ganito rin ang kalagayan ng mga bansang sinakop tulad ng Pilipinas. Tulad ng isang indibiduwal, may umiiral ding sikolohiya ang isang bansa, bagaman kolektibo ito kaya naman tinataguriang sikolohiyang panlipunan. Dahil sa matagal na karanasan sa kolonyalismo, malalim na nainternalisa ng mga Pilipino ang mababang pagtrato sa kanila ng mga mananakop. Napaniwala sila ng mga Espanyol at Amerikano na sila'y mga atrasado, tamad, barbaro, walang sariling kabihasnan, at may mas mababang uri ng kultura kumpara sa mga mananakop. Ilang dekada na ang nakalilipas mula nang makalaya ang Pilipinas mula sa mga mananakop ngunit namamayani pa rin sa kamalayan ng mga Pilipino ang mataas na pagtingin sa mga banyaga at mababang pagturing sa sarili. Ito ay sapagkat matagumpay na nainternalisa ng mga Pilipino ang imaheng iginawad sa kanila ng mga mananakop.

[4] Jose de Mesa, *Why Theology is Never Far From Home* (Manila: De La Salle University Press, Inc., 2003), 58-59.

© 2020 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

Ang ganitong kolonyal na pagkakagapos ng kamalayang pambansa ay lubos na sinasalamin ng uri ng pagsasakasaysayang isinasagawa ng mga historyador. Kapansin-pansin ito laluna sa tradisyunal na peryodisasyong matagal nangibabaw sa pambansang kasaysayan. Kadalasang hinahati ang kasaysayang pambansa sa tatlong yugto: 1. Panahong Pre-kolonyal (bago ang 1521), 2. Panahong Kolonyal (1521-1946), at 3. Panahong Post-Kolonyal (1946-kasalukuyan). Kapansin-pansing ang karanasang kolonyal ng bansa ang ginagamit na batayan ng ganitong iskema ng pagpapanahon, na tila ang pinakabuod ng kasaysayan ng bansa ay ang karanasan ng pagiging sinakop. Sa likod ng ganitong iskema ay ang pananaw na ang mga Pilipino ay pasibong obheto lamang na tagatanggap ng aksyon, dahil ang mga mananakop ang tunay na aktibong subheto na nagpapagalaw ng kasaysayan.

Maiuugat ang ganitong tatluhang pagkakahati ng kasaysayan ng Pilipinas sa mga Propagandista ng ikalabingsiyam na dantaon.[5] Mababanaag sa mga sulatin nina Graciano Lopez Jaena, Marcelo del Pilar at Jose Rizal, tugon ito sa dalawahang hati ng kasaysayan na ipinangangalandakan ng mga Espanyol, na kinapapalooban ng: 1. Panahon ng Dilim – bago ang pagdating ng mga mananakop ay walang sariling sibilisasyon ang mga Pilipino, at 2. Panahon ng Liwanag – pagdating ng mga mananakop ay naibahagi nila ang liwanag ng sibilisasyon at relihiyon sa Pilipinas. Upang pabulaanan ito, kinatha nila ang tatluhang hati sa kasaysayan na binubuo ng mga sumusunod na yugto: 1. Panahon ng Liwanag – may sarili nang sibilisasyon ang Pilipinas bago pa man dumating ang mga Espanyol, 2. Panahon ng Dilim – winasak ng mga mananakop ang natatanging sibilisasyong mayroon ang mga Pilipino, at 3. Panahon ng Muling Liwanag – muli lamang babalik ang sariling sibilisasyon ng Pilipinas kung magwawakas ang paghahari ng kaparian at ng buong sistemang kolonyal. Ang tatluhang yugto ng peryodisasyong ito ay naipamana at ipinagpatuloy ng mga Pilipinong historyador ng ikadalawampung dantaon, at napasikat sa iskema ng pre-kolonyalismo, kolonyalismo, at post-kolonyalismo. Bagaman maituturing na nasyonalista dahil sa paggigiit ng sariling kabihasnan ng mga Pilipino, reaktibo sa mga mananakop ang peryodisasyong ito, at ang punto ng reperensya ay ang kolonyalismo pa rin. Nasa ilalim ito ng kategorya ng tinatawag ni Salazar na "pangkaming pananaw", kung saan ang mga banyaga pa rin ang pilit na kinakausap ng mga Pilipino

[5] Zeus A. Salazar, "A Legacy of the Propaganda: The Tripartite View of Philippine History," in *Ethnic Dimensions: Papers on Philippine Culture, History and Psychology,* ed., Zeus Salazar, 107-126 (Cologne: Counselling Center for Filipinos, Caritas association for the City of Cologne, 1983).

© 2020 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

upang ipagtanggol ang sarili at maging katanggap-tanggap sa pamantayan ng Kanluran.[6]

Kaugnay pa rin ng usapin ng peryodisasyon, kapuna-puna ang impluwensya ng kamalayang kolonyal sa tendensya ng mga historyador na ituon ang mayorya ng atensyong akademiko sa pag-aaral ng panahong kolonyal. Bagaman wala pang gumagawa ng aktuwal na estadistika ukol dito, madaling pansining ang pagdagsa ng napakaraming aklat at artikulo na patungkol sa ikalabingsiyam na dantaon, partikular sa panahon ng Kilusang Propaganda at Himagsikang Pilipino (maigigiit na halos lahat ng mga pangunahing historyador ng ikadalawampung dantaon ay mayroong isinulat ukol dito). Kumpara rito, mas kakaunti lang ang mga pag-aaral na nakalaan sa panahon mula ikalabinglima hanggang ikawalong dantaon. Ngunit mas malala pa rin kaysa rito ang kalagayan ng pag-aaral patungkol sa kasaysayan ng bansa bago ang pagdating ng mga mananakop noong 1521, na tila ipinagkakatiwala na lamang ng mga historyador sa mga arkeologo.

Maipaliliwanag pa itong higit sa pamamagitan ng payak na pagbibilang sa mga pahina ng ilang popular na teksbuk sa kasaysayang pambansa. Ang ganitong pagbibilang ay pagkilala sa katotohanan ng pahayag ni Rommel Curaming sa kanyang pag-aaral ukol sa ilang piling teksbuk sa kasaysayan ng Pilipinas:

> …textbooks, especially history textbooks, say more than the facts and the views printed on their pages. They reflect the matrix of forces—dominant, suppressed, or free—that compete for supremacy, or meet and converge for a common purpose, or simply just coexist in a given period of time. In other words, textbooks embody various social processes, rather than merely act as repositories of knowledge.[7]

Sa kabuuang 637 pahina ng klasikong akda ni Agoncillo na *History of the Filipino People*,[8] 49 na pahina lamang ang nakalaan para sa panahon bago ang 1521. Sa 49 na pahinang ito, 10 ang nakalaan para sa pagtalakay sa impluwensya ng mga banyagang kabihasnan tulad ng Tsina, Arabia, at India (na nangangahulugang 39 na lamang ang patungkol talaga sa kalinangang Pilipino

[6] Zeus A. Salazar, "Ang Pantayong Pananaw bilang Diskursong Pangkabihasnan," in *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan. Pambungad sa Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan,* eds., Atoy Navarro, et al, 93-95 (Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 1997).
[7] Rommel Curaming, "Hegemonic Tool? Nationalism in Philippine History Textbooks, 1900–2000," *Philippine Studies* volume 65, no. 4 (2017), 421.
[8] Teodoro A. Agoncillo, *History of the Filipino People* (Quezon City: C&E Publishing Inc., 2012).

© 2020 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

mismo). Sa *A Past Revisited*[9] ng Marxistang historyador na si Renato Constantino, 16 na pahina lamang ang tumatalakay sa Pilipinas bago ang 1521, sa kabuuang 463 pahina ng aklat. Nasa 29 naman sa loob ng pangkabuuang 552 pahina ng *Filipino Nation: History and Government*[10] ni Pedro Gagelonia ang ukol sa panahong "prekolonyal." Gayundin, sa isang teksbuk ni Sonia Zaide[11] na binubuo ng 458 na pahina, 50 ang nakalaan sa yugto bago ang pagdating ng mga Espanyol (sa bilang na ito, nasa 16 ang ukol sa impluwensya ng ibang bansang Asyano). May malinaw na padron (*pattern*) na mahihinuha sa lahat ng pagbibilang na ito: sa buong kasaysayan ng Pilipinas, napakaliit na espasyo lamang ang inilalaan para sa panahon bago ang pagdating ng mga mananakop, at mayorya sa mga pahina ng mga aklat ay nakatuon sa panahong kolonyal. Sa katunayan, noong tanungin ni Ambeth Ocampo si Agoncillo sa isang panayam kung paano maisusulat ang panahon bago ang 1521, ito ang tugon ng nakatatandang historyador:

> I believe that we can't write any pre-Spanish history. All that we can do is discover this and that na no connection naman… we have relations with the Chinese, that's all we can say.[12]

Liban sa pananaig ng positibismo (walang-kasaysayan-kung-walang-dokumento na mentalidad) at hindi pa gaanong maunlad na disiplina ng arkeolohiya noong panahong iyon, ang tendensya ni Agoncillo at iba pang historyador na baliwalain ang yugto bago ang 1521 ay maigigiit na pamana ng kolonyalismo sa historiograpiyang Pilipino. Isang epekto ng kolonyal na karanasan ang pagbaling ng ating higit na atensyon sa yugto ng pananakop at ang historikal na pagkalimot sa ating mas matandang nakaraan. Sa isang pahayag na kapansin-pansing taliwas sa opinyon ni Agoncillo, ibinato ni Salazar ang ganitong retorikal na tanong:

> Bakit ba masyadong pinapa-halagahan ang 1521 hanggang 1946, na parang ito lamang ang ating kasaysayan? Kung tutuusin, ang panahong iyan ng kolonisasyon ay napakaliit na bahagi lamang ng

[9] Renato Constantino, *The Philippines, Volume 1: A Past Revisited* (Quezon City: Renato Constantino, 1975).

[10] Pedro Gagelonia, *Filipino Nation: History and Government* (Metro Manila: National Bookstore: 1977).

[11] Sonia M. Zaide, *The Philippines a Unique Nation* (Quezon City: All Nations Publishing Co., Inc., 1994).

[12] Ambeth Ocampo, *Talking History: Conversations with Teodoro A. Agoncillo* (Manila: UST Publishing House, 2011), 59.

© 2020 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

> ating nakaraan kung ikukumpara sa napakahabang kasaysayan ng mga ninuno nating Austronesyano sa arkipelago.[13]

Hindi mahirap unawain ang implikasyon ng matatawag na *historical mutilation* ng kasaysayang pambansa (pagpapaikli ng kasaysayan sa pamamagitan ng pagtapyas sa panahon bago ang kolonyalismo) sa pulitika ng identidad sa Pilipinas. Dahil sa malawakang pagkalimot sa matandang nakaraan, napahiwalay ang Kapilipinuhan sa orihinal nitong kakanyahang pangkalinangan. Sa kawalan ng alaala sa matandang nakaraang ito, ang tanging pangkasaysayang konteksto na lamang na maaaring maging batayan ng kakanyahang Pilipino ay ang kolonyal na panahon. Siyempre pa, ang bunga nito ay ang higit na institusyunalisasyon ng kamalayang kolonyal sa Pilipinas. Ang tanging lunas sa *historical mutilation* na ito ay ang muling pagpapahaba ng kasaysayan sa pamamagitan ng pag-alala sa kinalimutang nakaraan. Ito mismo ang isinagawa ni Salazar nang ipook niya ang Pilipinas (sarili) sa nakaraang Pan-Malayo at Austronesyano nito (kapwa), sa halip na sa Kanluraning kolonyalismo (iba).

Ngunit bago tumungo sa paksang ito ng pagpopook, may isa pang tema sa pambansang pagsasakasaysayan na sumasalamin sa patuloy na pagkakagapos ng Pilipinas sa Kanluran. Ang temang ito ay tinatawag ni Guillermo na "diskurso ng impluwensya."[14] Ani ni Guillermo, tumutukoy ito sa tendensya ng mga Pilipinong palaisip na laging ituon ang pansin sa impluwensya ng mga banyaga sa mga Pilipino. Sa ganitong balangkas, ang kakanyahang Pilipino ay tila pinagkumpul-kumpol at pinaghalu-halong banyagang elemento lamang, na wala talagang matatawag na "sarili" ang Kapilipinuhan. Isang ehemplo nito ang lagi-laging paggamit sa mga Kanluranin bilang pamantayan ng kahusayan at karangalan. Ilang beses na ba nating narinig ang mga pahayag tulad ng "si Gabriela Silang ang Joan of Arc ng Pilipinas" at "si Andres Bonifacio ang George Washington ng Pilipinas?" Maging ang mga popular na personalidad sa kontemporaryong musika ng bansa at mga artista ay hindi rin nakaligtas sa ganitong pagbabansag: "Rico Blanco, ang Keanu Reeves ng Pilipinas", "Sarah Geronimo, ang Beyonce ng Pilipinas" at "Piolo Pascual, ang Brad Pitt ng Pilipinas" (na tila ba ang mga Pilipino ay maliit na bersyon lamang ng mga personalidad ng *Hollywood*). Mula popular hanggang akademikong antas ay nagaganap ang ganitong labis na pagtuon sa banyagang impluwensya. Halimbawa, mula 2008 hanggang 2018 ay nagkaroon ng serye ng publikasyon

---

[13] In Mark Joseph P. Santos and Axle Christien J. Tugano, eds., *Martes sa Escaler. Klase sa Historiograpiya ni Zeus A. Salazar* (Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2019), 120-121.

[14] Ramon Guillermo, "Exposition, Critique and New Directions for Pantayong Pananaw," *Kyoto Review of Southeast Asia* 3 (March 2003).

© 2020 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

ang Vibal kung saan nakatuon ito sa impluwensyang banyaga sa kasaysayan at kulturang Pilipino. Ilan sa titulo ng mga aklat sa serye ay ang mga sumusunod: *More Hispanic than We Admit,*[15] *More American than We Admit,*[16] *More Tsinoy than We Admit,*[17] at *More Islamic than We Admit.*[18]

Kung tutuusin, hindi naman ikinakaila ang pag-iral ng mga banyagang impluwensya sa Pilipinas. Ang pinupuna rito ay ang labis-labis na pagpapahalaga sa impluwensyang banyaga, na humahantong sa pagbura sa sariling kakanyahan ng Kapilipinuhan. Tulad ng naipamalas sa itaas ukol sa limitadong espasyong ibinibigay sa matandang kasaysayan ng Pilipinas bago ang pagdating ng mga mananakop, kakaunti na nga lang ang mga pahinang nakatuon ukol dito, marami pa sa mga ito ay inilalaan sa impluwensya ng mga Asyanong kapitbahay ng Pilipinas tulad ng Tsina, India at Arabia. Nakapagbigay si Curaming ng empirikal na patunay sa asersyon nating ito. Sa kanyang pagsusuri sa labinlimang teksbuk ukol sa kasaysayang pambansa mula 1905 hanggang 2000, napansin niya na mayorya sa mga may-akda ay ipinipinta ang sinaunang Pilipinas bilang pasibong tagatanggap ng impluwensya mula sa mga "dakilang sibilisasyon" ng Asya. Dagdag pa niya, wala man lang pagtatangka ang mga ito na ipaliwanag kung paano ipinook ng mga Pilipino ang mga impluwensyang banyaga upang maging angkop sa kanilang sariling kalinangan.[19]

Sa ganitong paraan ipinaliwanag ni Salazar ang pagiging problematiko ng diskurso ng impluwensya:

> "First of all, by making our relations with Asia a matter of unilateral 'influence,' it implicitly accepts the old colonialist slander regarding Filipino passivity and lack of originality – i.e. that we are continually 'influenced' by and dutifully adopting ways and traditions from others. No one can deny that we have indeed been 'influenced by others' . . . As a matter of fact, I am not aware of any people which got constituted in history without having to interact, creatively or otherwise, with other groups or cultures. Nonetheless

[15] Isaac Donoso, ed., *More Hispanic than We Admit: Insights into Philippine Cultural History* (Quezon City: Vibal Foundation, 2008).
[16] Julian Go, ed., *More American than We Admit: America's Cultural Influence on the Philippines* (Quezon City: Vibal Foundation, 2015).
[17] Richard T. Chu, ed., *More Tsinoy than We Admit: Chinese-Filipino Interactions Over the Centuries* (Quezon City: Vibal Foundation, 2015).
[18] Isaac Donoso, ed., *More Islamic than We Admit: Insights into Philippine Cultural History* (Quezon City: Vibal Foundation, 2018).
[19] Curaming, "Hegemonic Tool? Nationalism in Philippine History Textbooks, 1900–2000," 435.

© 2020 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

> I must protest when we emphasize, when we nearly always consider, 'influences' as the basic thread running through our national history, as an element of great importance to our make up as a people. The point should all the more be emphasized in relation to our Asian neighbors, since any attempt to conjure unilateral 'influences' from them only serves to reinforce the very 'colonial mentality' we are so bent in shedding with regards to the West."[20]

Hindi lamang ang Pilipinas ang dumaranas ng ganitong eksaheradong pagtuon sa banyagang impluwensya. Maging ang rehiyong kinabibilangan ng Pilipinas sa kabuuan ay biktima rin ng diskurso ng impluwensya. Sa matagal na panahon ay itinuring ang Timog Silangang Asya bilang pasibong tagatanggap lamang ng impluwensya mula sa labas, partikular na sa dalawa nitong katabing sibilisasyon kung san ito pumapagitna: ang Tsina sa hilaga at India sa kanluran. Naging talamak ang mga pag-aaral na nakatuon sa proseso ng Indianisasyon (paglaganap ng kulturang Indiano) at Sinisisasyon (paglaganap ng kulturang Tsino) sa Timog Silangang Asya, na kadalasan ay isinusulat ng mga Kanluraning pantas. Isa sa pinakamaaga sa mga ito ay ang *The Indianized States of Southeast Asia* ng Pranses na si George Coedes noong 1968. Simula noon ay lalong lumaganap ang pananaw na walang sariling sibilisasyon ang rehiyon, at kung mayroon man ay mas mababa ang kalidad nito. Maging ang lumang pangalan ng kalupaang Timog Silangang Asya ay testimonya sa pagsandal ng identidad nito sa mga banyagang sibilisasyon: Indochina (dahil pinapagitnaan ng India at Tsina).

Maigigiit na ang pagkahumaling ng mga Kanluraning pantas sa Indianisasyon at Sinisisasyon (at kalaunan, Islamisasyon) ay pagbibigay-katwiran lamang sa pagpapatuloy ng umiiral na pagsasa-Kanluran (*Westernization*) ng Timog Silangang Asya. Sapagkat kapag natanggap na ang lohika sa likod ng Indianisasyon at Sinisisasyon (i.e. na ang Timog Silangang Asya ay walang sariling identidad at tagasalo lamang ito ng impluwensyang banyaga), madali na lamang ding mabibigyang katwiran ang pagsasa-Kanluran ng rehiyon bilang isang likas at di-maiiwasang proseso. Ito rin ang dahilan kung bakit mapanganib ang labis na pagtuon sa impluwensyang Indiano, Tsino, at Arabo tuwing tinatalakay ang kasaysayan ng Pilipinas bago ang pagdating ng mga mananakop. Tulad ng argumento ng siniping pahayag ni Salazar, wala itong pinagkaiba sa pagtuon sa Kanluraning impluwensya. Inilipat lamang ang punto ng reperensya mula Kanluran patungong Silangan, subalit nananatili pa

[20] Zeus Salazar, *Malayan Connection: Ang Pilipinas sa Dunia Melayu* (Quezon City: Bagong Kasaysayan, 1998), 59.

© 2020 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

rin ang pananaw na walang sariling kakanyahan ang Pilipinas at pasibong tagatanggap lamang ito ng banyagang impluwensya.

Makatatakas lamang ang kakanyahang Pilipino mula sa bitag ng diskurso ng impluwensya kung ipopook ito hindi sa Kanluraning kolonyalismo o sa mga karatig bansang Asyano (tulad ng Tsina, India at Arabia), kundi sa tunay nitong kontekstong pangkalinangang kinabibilangan: ang kabihasnang Pan-Malayo at Austronesyano. Taliwas sa Kanluran, Tsina, India at Arabia, walang umiiral na diskurso ng impluwensya sa pagitan ng Pilipinas at mga kapwa nitong bansang Pan-Malayo (hal. Indonesia at Malaysia) at Austronesyano (hal. Samoa at Micronesia). Taliwas sa di-pantay na ugnayang pangkapangyarihan sa pagitan ng Pilipinas sa isang banda at Kanluran, Tsina, India, at Arabia sa kabilang banda (ang una ay tagatanggap lamang ng impluwensya nitong huling apat), pantay ang ugnayan ng Pilipinas sa kapwa nito Pan-Malayo at Austronesyanong mga bansa. Walang umiiral na uni-direksyunal na impluwensya sa kaso ng ugnayan ng Pilipinas sa mga kapwa nito dahil lahat sila ay mayroong iisang pinag-uugatang kontekstong pangkalinangan.

Bagaman maaaring maganda ang intensyon ng mga Pilipinong pantas na nagbibigay-diin sa impluwensya ng mga karatig bansang Asyano tulad ng India, Tsina, at Arabia sa Pilipinas (sa pag-aakalang daan ito upang mailayo ang Pilipinas mula sa Kanluran), sa katunayan ay pinapalakas lamang nito lalo ang diskurso ng impluwensya ng Kanluran. Samakatuwid, hindi ito sapat. Kailangan ng radikal na pagbalikwas mula sa Kanluran sa pamamagitan ng pag-uugnay ng Pilipinas hindi sa India, Tsina, at Arabia (na walang namang orihinal na malalim na ugnayang pangkalinangan sa Pilipinas), kundi sa pagpopook sa kabihasnang Pan-Malayo at Austronesyano, na tunay na kapwa ng Pilipinas. Liban sa pananggalang laban sa diskurso ng impluwensya, ipapakita ng susunod na bahagi na ang pagpopook na ito ng sarili sa kapwa ay lunas din sa suliranin ukol sa peryodisasyon at labis na pagtuon sa panahong kolonyal sa pambansang pagsasakasaysayan ng Pilipinas.

## Sarili at Kapwa: Ang Pagpopook ng Kakanyaang Pilipino sa Kabihasnang Pan-Malayo at Austronesyano

Ang distinksyon ni Salazar sa pagitan ng kapwa at iba bilang dalawang magkaibang elementong nasa labas ng sarili ay maaaring nakaugat sa pormulasyon ng Sikolohiyang Pilipino (SP) sa pagitan ng “ibang tao” at “di-

© 2020 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

ibang tao." Ayon kay Virgilio Enriquez, sa kulturang Pilipino ay itinuturing nating kapwa ang lahat ng tao, subalit inihahanay natin sila sa ilalim ng magkaibang kategorya ng ibang tao at di-ibang tao.[21] Ang ibang tao ay ang mga itinuturing nating hindi kabilang sa atin o mga tagalabas, tulad ng mga hindi natin kilala at mga banyaga. Samantala, ang di-ibang tao naman ay tumutukoy sa mga taong tinuturing nating malapit sa atin tulad ng pamilya at mga kaibigan (mapapansin ito sa ekspresyong "para ka namang ibang tao" na sinasabi natin tuwing mayroon tayong kaibigan na nahihiyang humingi ng pabor sa atin). Magkaiba ang uri ng pakikitungo ng mga Pilipino sa dalawang kategoryang ito ng kapwa. Mas malapit at komportable ang pagtrato natin sa di-ibang tao, samantalang may pagkailang, pormal at malayo ang pagturing natin sa ibang tao.


Hindi malabong malaki ang naidulot ng tambalang ibang tao at di-ibang tao sa paghulma ni Salazar sa mga kategorya ng kapwa at iba ng kanyang trikotomiya, yamang isa siya sa mga naging pangunahing tagapagsulong ng SP noong Dekada 70, ang panahong nagsisimula pa lamang itong lumago. Ang ugnayang pang-indibiduwal ng sarili sa ibang tao at di-ibang tao ay iniangat ni Salazar sa antas ng bansa. Kung paanong para sa isang indibiduwal ay may ibang tao at di-ibang tao, mayroon ding "ibang bansa" at "di-ibang bansa" para sa Pilipinas. Ang ibang bansa (na tinawag niyang "iba") ay mga bansang walang direktang pangkalinangang ugnayan sa Pilipinas. Dito maihahanay ang mga Kanluraning nanakop sa Pilipinas tulad ng Espanya at Estados Unidos, gayundin ang ilang Asyanong bansa na nakaugnay nito sa kalakalan sa matandang nakaraan tulad ng India, Tsina at Arabia. Ang mga di-ibang bansa naman (na tinawag niyang "kapwa") ay mga bansang may likas na ugnayang pangkalinangan sa Pilipinas: mga bansang Pan-Malayo tulad ng Indonesia at Malaysia, at Austronesyano tulad ng Micronesia, New Zealand, at Madagascar. Bagaman mas malayong kapwa na ang Madagascar kaysa Indonesia para sa Pilipinas, parehong di-ibang bansa o kapwa pa rin ng Pilipinas ang dalawang ito. Tulad ng naipaliwanag sa panimula ng artikulo, kabilang sa mas malapit na kapwa ang mga bansang Pan-Malayo, samantalang kabilang naman sa mga mas malayong kapwa ang mga bansang hindi Pan-Malayo ngunit Austronesyano pa rin. Sa ibaba ay mayroong payak na dayagram na naglalarawan sa trikonomiya ni Salazar:

[21] Virgilio G. Enriquez, *From Colonial to Liberation Psychology: The Philippine Experience* (Quezon City: University of the Philippines Press, 2016), 49-52.

© 2020 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

**Trikotomiya ng Sarili, Kapwa at Iba ni Zeus Salazar**




Ang mga susunod na talakayan ay kronolohikal na babaybay sa ilang piling akda ni Salazar kung saan makikita ang kanyang pagpopook ng Kapilipinuhan sa kontekstong Pan-Malayo at Austronesyano. Ipakikita rin bilang kalakip nito kung paanong ang ugnayang sarili-kapwa ay nakapagbibigay-lunas sa mga suliraning dulot ng tunggaliang sarili-iba, na natalakay sa naunang bahagi ng artikulo.

Ang pagkahumaling ni Salazar sa pagpopook ng Kapilipinuhan sa kabihasnang Pan-Malayo at Austronesyano ay maiuugat pa sa kanyang disertasyon sa Unibersidad ng Paris noong 1968. Sa patnubay ng kanyang doktoradong tagapayo na sosyologo-antropologong si Roger Bastide, pinag-aralan niya ang relihiyon ng mga Austronesyano gamit ang anito bilang sentral na konsepto sa kanyang pagdadalumat. Ito ay pagbalikwas sa nakagawiang uri ng pag-aaral sa mga relihiyon ng Asya (na binabansagang "katutubo" at "primitibo"), na sinusuri gamit ang pamantayan ng mga monoteistang relihiyon sa Kanluran. Sa pamamagitan nito ay nakapagsagawa siya ng emiko o panloob na pagsusuri sa relihiyong Austronesyano, sa halip na etiko o panlabas na pagsusuri gamit ang mga kategoryang banyaga sa kalinangang pinag-aaralan.

Nagpatuloy ang tuon ni Salazar sa kabihasnang Austronesyano pagbalik niya sa Unibersidad ng Pilipinas upang magturo sa Departamento ng Kasaysayan noong 1969. Pagsapit ng 1974, nailathala ang kanyang pinatnugutang aklat, kung saan niya naisulat ang artikulong *Ang Pagpapasakasaysayang Pilipino ng*

© 2020 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

*Nakaraang Pre-Ispaniko*.[22] Ito ang maituturing na kauna-unahang akda ni Salazar kung saan tuwiran niyang ipinaliwanag ang implikasyon ng kabihasnang Austronesyano sa pagpapalalim ng kasaysayang Pilipino. Ang sanaysay din na ito ang magiging batayan ng kanyang *Kasaysayan ng Pilipinas: Isang Balangkas*[23] (na nirebisa kalaunan bilang *Kasaysayan ng Kapilipinuhan: Bagong Balangkas*[24]). Naglalatag ito ng alternatibong peryodisasyon sa kasaysayan ng bansa. Maigigiit na hanggang sa kasalukuyan, liban kay Salazar ay wala pa ring ibang Pilipinong historyador na nakapagsagawa ng isang komprehensibong pambansang peryodisasyon na maituturing bilang radikal na pamalit sa nakagisnang tatluhang pagpapanahon na prekolonyal-kolonyal-postkolonyal. Sa artikulong 1974 na ito ay hinati niya sa apat na dambuhalang panahon ang kasaysayang Pilipino: 1. Panahong Pre-Austronesiko (h.k. 500,000-5,000 B.K), 2. Panahong Austronesiko (h.k. 5,000 B.K.-1000 M.K.), 3. Panahong Mala-Pilipino (1,000-1521), at 4. Panahong Pilipino (1521-Kasalukuyan). Bagaman marami pang pagdadaanang rebisyon ito sa agos ng kapantasan ni Salazar bago ang pagsilang ng *Bagong Balangkas*, sa preliminaryong balangkas pa lamang noong 1974 ay kanya nang naisagawa ang pagpapahaba ng kasaysayang Pilipino sa pamamagitan ng pagsasakonteksto nito sa kabihasnang Austronesiko/Austronesyano. Kumpara sa napakahahabang tatlong yugto bago ang 1521, naging maliit na lamang na bahagi ng kasaysayang Pilipino ang panahong kolonyal sa iminungkahing balangkas na ito.

Ang balangkas na mula sa artikulong ito ay higit pang napaunlad noong kinomisyon ni Ferdinand Marcos si Salazar at iba pang historyador ng Unibersidad ng Pilipinas na sumulat ng multi-tomong aklat na nakapangalan sa pangulo, ang kontrobersyal na *Tadhana: The History of the Filipino People.* Sa serye ng mga aklat na ito, si Salazar ang sumulat ng "Volume 2, Part 1: Encounter (1565-1663)"[25] at malaking bahagi ng "Volume 2, Part 2: Reaction (1663-1765)."[26] Liban sa mga ito, ang pangkalahatang balangkas na ginawa ni Salazar ang sinundan ng buong grupo para sa planong 21-tomo sa serye

[22] Zeus A. Salazar, "Ang Pagpapasakasaysayang Pilipino ng nakaraang Pre-Ispaniko," in *Kasaysayan: Diwa at Lawak*, ed., Zeus Salazar, 163-196 (Quezon City: Kolehiyo ng Sining at Agham, Unibersidad ng Pilipinas, 1974).

[23] Zeus A. Salazar, *Kasaysayan ng Pilipinas: Isang Balangkas* (Quezon City: Departmento ng Kasaysayan, Dalubhasaan ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas, 1993).

[24] Zeus A. Salazar, *Kasaysayan ng Kapilipinuhan: Bagong Balangkas* (Quezon City: Bagong Kasaysayan, Inc., 2004).

[25] Ferdinand E. Marcos, *Tadhana: The History of the Filipino People, Tomo 2, Bahagi 1: Encounter (1565-1663)* (n.p.: Ferdinand E. Marcos, 1976).

[26] Ferdinand E Marcos, *Tadhana: The History of the Filipino People, Tomo 2, Bahagi 2: Reaction (1663-1765)* (n.p.: Ferdinand E. Marcos, 1977).

© 2020 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

(bagaman apat lamang dito ang matagumpay na nailathala, at karagdagang dalawang tomong *abridgement*). Sa balangkas ng planong serye, nakalaan ang "Volume 1, Part 3" sa paksang "The Austronesians in the Philippines (ca. 9000 BC-1500 BC)."[27] Sa pamamagitan din ng proyektong ito ay mas napalalim ang pag-aaral sa panahon ng ikalabing-anim hanggang ikalabingwalong dantaon, mga panahong hindi gaanong napagtutuunan ng pansin sa kasaysayan ng Pilipinas dahil sa pagkapako ng mga historyador sa ikalabingsiyam na siglo.

Matapos nito, mapapansin sa listahan ng mga akda ni Salazar na mahigit kumulang isa't kalahating dekada siyang walang direktang isinulat ukol sa mga Austronesyano.[28] Gayunman, liban sa implisitong nakabaon sa ilalim ng kanyang mga akda sa panahong ito ukol sa Pilipinas ang temang Austronesyano, may ilan siyang mga artikulong isinulat ukol sa Pan-Malayo na muling inilathala sa isang aklat na tatalakayin sa mga susunod na bahagi sa ibaba. Isa sa mga maaaring iturong dahilan ng puwang na ito ukol sa Austronesyano sa kanyang bibliograpiya mula 1977 hanggang 1989 ay ang preokupasyon niya sa pagsulat ukol sa Sikolohiyang Pilipino (SP), na nagsisimula pa lamang lumago noon (nasa walong artikulo ukol sa SP ang isinulat niya sa panahong ito). Maaalala ring ito ang yugto ng pagsisimula ng tuwirang pagdadalumat niya ukol sa Pantayong Pananaw.

Taong 1990 lumitaw ang isang bagong aklat ni Salazar kung saan tuwirang may pagtalakay ukol sa mga Austronesyano. Ang aklat na ito ay ang *Kabihasnang Asyano: Isang Pangkasaysayang Introduksyon,*[29] na isinulat ni Salazar at tatlo pa niyang kasama upang magamit na materyal ng kaguruan ng UP Departamento ng Kasaysayan sa pagtuturo ng kasaysayan ng Asya. Sa mga bahagi ng aklat patungkol sa Timog Silangang Asya, ginamit nilang payak na panahunan ang dalawang ito: 1. Mula sa kalaganapan ng Austronesyano hanggang sa pagdating ni Legazpi sa Pilipinas (1565), at 2. Mula sa pagdating ni Legazpi hanggang sa Kumperensiya sa Bandung (1955).

---

[27] Michael Charleston B. Chua, "Ang Dapat na Tadhana ng Tadhana: Isang Muling Sulyap sa Pamana ng Intelektwal na Produksyon ng Diktadurang Marcos ukol sa 17-18 Siglo," book review in the Kasaysayan 203 class of Vicente Villan in University of the Philippines, Diliman. First Semester of 2010-2011.

[28] "APENDISE III: Bibliograpiya ng mga Akda ni Zeus A. Salazar (1956-2017)" in Mark Joseph P. Santos, ed., *Martes sa Escaler II: Pilosopiya ng Kasaysayan. Talakayan ng mga Mag-aaral sa PUP. Klase sa Historiograpiya ni Dr. Zeus Salazar* (Quezon City: Bagong Kasaysayan, Inc., 2019), 183-208.

[29] Zeus A. Salazar, et al, *Kabihasnang Asyano: Isang Pangkasaysayang Introduksyon* (Mandaluyong: Cacho Publishing House Inc., 1990).

© 2020 Mark Joseph P. Santos

Ang "kabihasnan" ang isa sa mga salalayang dalumat ng aklat na ito, na ginamit ng pangkat ni Salazar sa pagtatangka na magsagawa ng pag-aaral ng Asya mula sa panloob na perspektibong Pilipino. Ang kabihasnan ay tugon sa maka-Kanlurang pag-aaral ng Asya, partikular na ang Timog Silangang Asya, kung saan ang ginagamit na konsepto ay "sibilisasyon" (mula sa salitang *civitas*). Ang Kanluraning konseptong ito ay may pagkiling sa mga lipunang kahawig ng kalinangang Europeo (na nakasalig sa kalinangang Greko-Romano). Isa sa mga katangian ng kalinangang Europeo ang pagkakaroon ng mga dambuhalang obrang arkitektural (katulad ng *Parthenon* at *Colosseum* ng yugtong Greko-Romano, at mga matatayog na simbahan ng Gitnang Panahon). Ganito rin ang katangian na hinanap nila sa mga di-Europeong lipunang kanilang pinag-aralan, upang matawag nilang sibilisado. Hindi nakapagtataka kung bakit mayorya ng mga aklat sa kasaysayan ng daigdig at Asya ay laging nakatuon lamang sa Mesopotamia, India at Tsina, samantalang hindi nito halos pinapansin ang mga lipunan sa Gitnang Asya at Timog Silangang Asya (kung pag-uukulan man ng espasyo ang mga ito, itinuturing lamang silang tagatanggap ng impluwensya ng mga karatig na sibilisasyon). Ito'y sapagkat ang Mesopotamia, India at Tsina ang nagtataglay ng mga katangian na tulad ng mayroon ang sibilisasyong Greko-Romano. Pinalalakas pa lalo ang pananaw na ito ng ideya ng "Dakilang Tradisyon" at "Maliit na Tradisyon" na ginagamit sa kategorisasyon ng mga lipunan sa daigdig. Itinuturing na Dakilang Tradisyon ang sibilisasyong Greko-Romano at mga kahawig nito sa Asya, habang binabansagan namang Maliit na Tradisyon ang mga lipunang hindi nito kahawig, tulad ng Gitnang Asya at Timog Silangang Asya. Ang mga Maliit na Tradisyon ay ipinagpapalagay na tagatanggap lamang ng impluwensya mula sa mga Dakilang Tradisyon. Lahat ng ito ay alinsunod sa Euro-sentrikong naratibo kung saan ang direksyon ng kasaysayang pandaigdig ay progresibong nagmamartsa mula sa kalinangang Greko-Romano at mga kahawig nitong lipunan (hal. India, Tsina, Mesopotamia, Ehipto, Aztec, Mayan), tungo sa modernong sibilisasyong Euro-Amerikano, kung saan lahat ng iba pang mas nakabababang kultura ay dapat magpa-impluwensya rito upang makasabay sila sa agos ng progreso ng sangkatauhan.

Samakatuwid ay nakatutulong pa nga ang konsepto ng sibilisasyon sa higit na pagbibigay-katwiran sa kolonisasyon at pagsasa-Kanluran ng Timog Silangang Asya. Ito ang dahilan kung bakit minabuti nina Salazar ang paggamit sa aklat ng dalumat ng kabihasnan. Taliwas sa eksklusibong kalikasan ng sibilisasyon na may pagkiling sa mga Kanluraning katangian ng lipunan (tulad ng pagkakaroon ng dambuhalang obrang arkitektural), inklusibo ang kabihasnan. Nagmula sa salitang "bihasa", ang kabihasnan ay pinagsama-

© 2020 Mark Joseph P. Santos

samang kultura ng isang lipunan na tinatanggap ng lahat.[30] Ang mga kulturang ito ay nabuo mula sa likas na pangangailangan ng lipunan. Kung gayon, habang ang konsepto ng sibilisasyon ay pumipili lamang ng ilang lipunang matatawag na sibilisado (yaong mga kahawig ng lipunang Europeo), para sa mga Pilipino lahat ng lipunan ay may sariling kabihasnan. Magkakaiba lamang ang uri ng kabihasnan ng bawat lipunan dahil magkakaiba ang kanilang mga pangangailangan at karanasang pangkasaysayan. Sa halip na suriin ang isang kabihasnan sa pamamagitan ng pagkukumpara rito sa banyagang pamantayan, dapat na suriin ang bawat kabihasnan sa sari-sarili nitong panloob na pamantayan. Mainam na pangontra ang dalumat ng kabihasnan ni Salazar laban sa etnosentrismo ng anumang kalinangan (lalo na ng kalinangang Euro-Amerikano).

Direktang kagamit-gamit ito sa kaso ng Pilipinas. Bilang bahagi ng Timog Silangang Asya, madalas na ituring na Maliit na Tradisyon ang Pilipinas, na hindi sibilisado lalo na dahil sa kawalan nito ng mga dakilang obrang arkitektural bago ang pagdating ng mga banyaga. Itinatanong ng ilan kung bakit walang mga gusali ang Pilipinas na maitutumbas sa Taj Mahal ng India, Dakilang Pader ng Tsina, o Dakilang Piramide ng Ehipto. Ipinagpapalagay ng ilan na isa na naman itong karagdagang patunay na talagang walang sariling sibilisasyon ang Pilipinas at tagatanggap lamang ito ng mga banyagang impluwensya. Ganito ang naging tugon nina Salazar sa isyung ito:

> Bawat pangkat ng tao ay may kanya-kanyang kinakaharap na kapaligiran at pinagdaanang kasaysayan. Ang anumang istruktura, maging gusali o institusyon (pulitiko, sosyo-ekonomiko) ay produkto ng pakikibagay ng tao sa mga suliraning kanyang kinakaharap. Kayat hindi makatwiran na hanapin sa Pilipinas ang isang Dakilang Pader (Great Wall na binuo ng mga Intsik bilang panangga sa kanilang mga kalabang tinawag nilang Hsiung Nu) samantalang wala namang ganoong sitwasyon ng matagalang pakikibaka ang ating mga ninuno. Nasa larangan ng malayuang paglalakbay tulad ng pagkatungo sa kapuluang Pasipiko at dagat Indiano (mula Madagascar hanggang Easter Is.) makikita ang kontribusyong pangkasaysayan ng ating mga ninuno at ito ang isa sa mga puntong batayan ng paghahambing na maaaring gamitin sa ating pagtaya ng ating mga kalapit bansa sa daigdig.[31]

Sa halip na pilitin ang paghanap sa Pilipinas ng mga bagay na mayroon ang ibang kalinangan, dapat na pagtuunan ang mga pangkalinangang elementong

[30] Salazar, et al, *Kabihasnang Asyano,* 3.
[31] Salazar, et al, *Kabihasnang Asyano,* viii.

© 2020 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

likas sa Pilipinas, tulad na lamang ng nabanggit na malawakang paglalayag sa karagatan ng ating mga ninunong Austronesyano. Mayroong isang mahusay na pag-aaral si Lorenz Lasco kung saan isa-isa niyang ipinaliwanag ang mga dahilan kung bakit walang matatayog na gusali at templo sa Pilipinas:32

1. Hindi sentralisado ang pagsamba ng mga sinaunang Pilipino
2. Kalikasan ang simbahan ng mga sinaunang Pilipino
3. Larawan ng uniberso bilang simbahan ang arkitektura ng bahay sa Timog Silangang Asya
4. Bahay ng datu ang nagsisilbing simbahan sa malalaking ritwal
5. Mababa ang densidad ng populasyon ng Pilipinas noon
6. Nangangahulugan ang sistema ng agrikultura (kaingin) ng palipat-lipat na tirahan
7. Portatil ang relihiyon ng mga Pilipino
8. Hindi nabihag ng Hinduismo-Budismo ang Pilipinas
9. Hindi binibigyan ng lubhang mabibigat na gawain ang mga alipin noong dating panahon

Nagpapatatag lamang ito sa argumento na bawat kabihasnan, tulad ng Pilipinas, ay may sari-sariling lohika, pangangailangan at karanasan na batayan ng pag-iral o hindi pag-iral ng ilang mga elementong kultural sa isang kabihasnan. Sa ganang ito, ang kabihasnan ay mainam na lunas sa diskurso ng impluwensya. Bawat kabihasnan ay humihiram ng ilang elemento mula sa labas, ngunit ang loob pa rin ang nagpapasya kung ano ang hihiramin, ano ang babaguhin upang umangkop sa panloob na pangangailangan, at ano ang tatanggihan dahil walang saysay sa loob.

Walong taon matapos maisulat ang *Kabihasnang Asyano* ay inilimbag naman ang isa sa pinaka mahalagang akda ni Salazar na may kinalaman sa paksa ng artikulo, ang *The Malayan Connection: Ang Pilipinas sa Dunia Melayu.*[33] Ang aklat ay kalipunan ng mga sanaysay ni Salazar na una nang nailathala sa iba't ibang dyornal at naibahagi sa mga kumperensya sa loob at labas ng Pilipinas, sa loob ng humigit kumulang tatlong dekada. Nakasulat ang mga sanaysay sa magkakaibang wika tulad ng Filipino, Ingles, Pranses, Aleman at Bahasa. Nakatuon ang lahat ng sanaysay na ito sa isang partikular na bahagi ng mundong Austronesyano: ang kalinangang Pan-Malayo at ang pagkakapook dito ng Pilipinas. Sa opinyon ni Curaming ng Universiti Brunei Darussalam:

[32] Lorenz Lasco, "Mga Kadahilanan Kung Bakit Wala Tayong Malalaking Gusali o Templo Noong Dating Panahon," *Saliksik E-Journal* 3: 1 (August 2014): 119-172.

[33] Zeus A. Salazar, *The Malayan Connection: Ang Pilipinas sa Dunia Melayu* (Quezon City: Bagong Kasaysayan Inc., 1998).

© 2020 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

> Among scholars in the "maphilindian civilization," it is probably Zeus Salazar who has done the most in developing Pan-Malayan identity through scholarly efforts. His book, *Malayan Connection: Ang Pilipinas sa Dunia Melayu* (1998), constitutes probably the most developed articulation thus far of a version of Pan-Malayanism as a consciously political-cultural-academic project.[34]

Ang aklat din na ito ang nagbigay-daan sa pagtanggap ni Salazar ng karangalan bilang *Academic Prime Mover of Pan-Malayan Identity*, isang titulong iginawad ng Philippine Historical Association (PHA). Ginanap ang paggawad na ito bilang bahagi ng internasyunal na kumperensyang *Malay World: Connecting the Past to the Present,* na magkakatuwang na pinangasiwaan ng PHA, Malaysian Historical Society, at Indonesian Historians noong Setyembre 2017.

Binaybay ni Salazar sa ilang bahagi ng aklat ang pag-unlad ng kamalayang Pan-Malayo sa agos ng kasaysayang Pilipino. Tinalakay niya ang mga indibiduwal na nanguna sa pagsulong ng kakanyahang Pan-Malayo at ugnayang pangkalinangan ng Pilipinas sa Malaysia at Indonesia tulad nina Jose Rizal, Wenceslao Vinzons, Ibn Parfahn, at Diosdado Macapagal. Ang tugatog ng pagsusulong na ito ay naganap nang maitatag ang Maphilindo noong 1963, na naglalayong magdulot ng pagkakaisa sa pagitan ng Malaysia, Pilipinas at Indonesia. Ngunit mabilis na bumagsak ang samahang ito dahil sa agawan sa teritoryo na nangibabaw sa tatlo (tensyon sa pagitan ng Malaysia at Pilipinas ukol sa Sabah, at alitan sa pagitan ng Indonesia at Malaysia ukol sa Sarawak).[35] May isang personal na pahayag si Salazar ukol sa alitang ito na sumasalamin sa kanyang pagnanasa para sa patuloy na pagkakaisa ng tatlong bansa:

> Kung *statesman* ako, kung ako ang presidente ng Pilipinas noon, ang *proposal* ko ay gawing parang *capital territory* ng Maphilindo ang Sabah.[36]

Para kay Salazar, ang Dunia Melayu (Mundong Malayo) ng Maphilindo, na nakapaloob sa mundong Austronesyano, ay pinagwatak-watak ng Kanluraning kolonyalismo nang sakupin ang tatlong bansa ng iba't ibang nasyong Euro-Amerikano simula noong ikalabing-anim na dantaon. Matapos ang paggawad

[34] Rommel Curaming, "Filipinos as Malay," in *Melayu: The Politics, Poetics and Paradoxes of Malayness,* eds., Maznah Mohamad, et al, (Singapore: National University of Singapore Press, 2011), 253.

[35] Augusto V. de Viana, "The Dream of Malayan Unity: President Diosdado Macapagal and the Maphilindo," *SEJARAH: Journal of the Department of History* 24:1 (2015), 61.

[36] Personal communication with Zeus Salazar in Loyola Heights, Quezon City, February 9, 2019.

© 2020 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

ng kanilang kasarinlan, unti-unting nakabalik ang Indonesia at Malaysia sa kanilang Pan-Malayo at Austronesyanong ugat sa pamamagitan ng pagkonsolida nila sa kani-kanilang wikang pambansa. Isinulong nila ang Bahasa bilang wikang pang-edukasyon, pampulitika, at pangkomersyo kaya naman nanagumpay ito sa buong bansa. Samantala, kabaliktaran ang naging sitwasyon sa Pilipinas. Kahit pagkatapos lumaya mula sa Estados Unidos, nanatili pa rin ang dambuhalang pagkakahating pangkalinangan sa Pilipinas, na naghihiwalay sa pagitan ng mga elit na nagsasalita ng Ingles at naghahari sa edukasyon, pulitika at komersyon sa isang banda, at ng bayang nagsasalita ng Filipino at nananatiling marhinalisado sa kabilang banda. Esensyal sa pagbibigay-lunas sa dambuhalang pagkakahating pangkalinangang ito ang gawain ng "pagbabalik-loob." Ang pagbabalik-loob ay maisasagawa lamang ng Pilipinas sa pamamagitan ng pagyakap sa wikang pambansa, at pagtuklas sa kanyang kasaysayang Pan-Malayo at Austronesyano, isang nakaraang pinagsasaluhan ng Pilipinas, Malaysia at Indonesia bilang magkakapatid na bansa.

Lagpas sa hangganan ng Dunia Melayu ang paksa ng isa pang aklat ni Salazar noong 2006, *Ang Pilipinong Banwa/Banua sa Mundong Melano-Polinesyano.*[37] Bagaman may isang kabanata na nakalaan sa Indonesia at Malaysia, mas nakatuon ito sa Melanesia at Polynesia. Sa pamamagitan ng historikal na lingguwistika, sinuri niya ang kalaganapan sa buong mundong Melano-Polinesyano ng mga kogneyt ng salitang "banwa/banua" na nangangahulugang "bayan" sa ilang wika sa Pilipinas. Ang samu't saring kogneyt nito tulad ng *vanua, henua, enua, whenua, menoa, benua, fonua, fenua* sa mga wikang Melano-Polinesyano ay may mga kahulugang magkakaugnay tulad ng lupang tinubuan, bayan, katutubo, langit, inunan, uniberso, at iba pa. Sa pamamagitan ng dalumat ng banwa/banua ay naipamalas ni Salazar ang lingguwistikong pagkakaugnay ng Pilipinas sa mga bansang Melano-Polinesyano, na mga Austronesyanong kamag-anak nito.

Taong 2010 nailathala ang *Asya: Kasaysayan at Kabihasnan,*[38] dalawang dekada matapos maisulat ng pangkat ni Salazar ang unang teksbuk nila patungkol sa Asya. Sa pagkakataong ito ay may kasama muling tatlong mas nakababatang historyador si Salazar sa pagsulat. Ang aklat na ito ay isa ring teksbuk, datapuwat ang nilalayon nitong pukawin na mambabasa ay yaong mga nasa antas ng hayskul. Ito ay mistulang pagpapayabong sa naunang aklat ukol sa

[37] Zeus A. Salazar, *Ang Pilipinong Banwa/Banua sa Mundong Melano-Polinesyano* (Quezon City: Bagong Kasaysayan Inc., 2006).
[38] Zeus A. Salazar, et al, *Asya: Kasaysayan at Kabihasnan* (Quezon City: Abiva Publishing House Inc., 2010).

© 2020 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

Asya. Tulad ng unang aklat, sentral na dalumat din ng teksbuk ang kabihasnan na humulma ng maka-Asyano at maka-Pilipinong perspektiba nito. Ngunit may ilan din itong pagkakaiba sa unang aklat. Una, mas pinahaba na ang peryodisasyon nito. Liban sa dalawahang hati na kinuha mula sa unang aklat (1. Mula sa panahong Neolitiko ng mga Austronesyano hanggang sa pagsapit ng Kanluraning kolonyalismo, at 2. Mula sa pagsapit ng Kanluraning kolonyalismo hanggang sa Kumperensya sa Bandung), idinagdag dito ang ikatlong panahon na mula sa Kumperensya ng Bandung hanggang sa banta ng globalisasyon sa kasalukuyan. Ikalawa, may espesyal na bahagi na ito kung saan tinatalakay ang konsepto ng "araling kabanwahan." Binigyang kahulugan ni Salazar ang araling kabanwahan bilang:

> [A] gham ng pakikipag-ugnay, pakikipagtalastasan sa mga bansa't entidad sosyo-pulitikal ng mundo . . . na ang gawain at kaligayahan ay pag-aralan ang mga bansa na batid kung alin ang mga kapwa-bansa (tulad ng Indomalaysia, buong Pasipiko at Malaysia), kumpara sa mga di-kapwa o iba pa nga't mga bansa (tulad ng China, Estados Unidos, mga Kanluraning kabuuan at iba pa).[39]

"Banwa" ang ginamit na termino ni Salazar sa "araling kabanwahan" bilang pag-aaral sa mga kapwa at ibang bansa sapagkat ito ang pinakamalaganap sa buong mundong Austronesyano na salitang Pilipino na katumbas ng Tagalog na "bayan." Ang araling kabanwahan ay isang sub-larangan ng Bagong Kasaysayan kung saan maaaring ipailalim ang samu't saring paksa sa pag-aaral ng ibang bansa tulad ng diplomasya, migrasyon, ugnayang pangmamamayan, komparatibo, at iba pa.[40] Sa iskema ng apat na uri ng pananaw para kay Salazar, maikakategorya sa "pansilang pananaw" ang araling kabanwahan. Ibig sabihin, kapwa at ibang bansa ang pinag-aaralan ngunit ang wikang ginagamit ay Filipino dahil kapwa Pilipino ang kinakausap at Pilipinas ang dapat na makinabang sa bunga ng pag-aaral na ito. Mula loob, tungong labas, pabalik sa loob ang direksyon ng araling kabanwahan. Para kay Salazar, ang pag-aaral ukol sa labas ay hindi dapat magresulta sa pagpapatangay sa labas, kundi sa higit pang pagpapatibay ng loob. Mas mauunawaan na marahil sa puntong ito kung bakit hindi magkasalungat ang rehiyunalismo at nasyonalismo ni Salazar. Ang una ay instrumento lamang para sa higit na pagyabong ng ikalawa. Ang pag-aaral sa iba at pagpopook sa kapwa ay kinakailangan upang mas mapatatag ang sarili.

---

[39] Salazar, *Ang Pilipinong Banwa/Banua,* 166.

[40] Atoy M. Navarro, "Araling Kabanwahan, Kasaysayang Kabanwahan, at Araling Timog Silangang Asya." *Saliksik E-Journal* 1:2 (2012), 4.

© 2020 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

Ayon kay Atoy Navarro,[41] walang libro o sanaysay na naisulat si Salazar na tungkol sa teoretisasyon ng araling kabanwahan. Ang kanyang mga naisulat ay direkta nang aplikasyon o halimbawa ng araling kabanwahan (tulad ng *Malayan Connection, Kabihasnang Asyano,* at *Pilipinong Banua/Banwa*). Dulot marahil ng kanyang higit na preokupasyon sa kasaysayang Pilipino kaya ipinaubaya niya sa mga mas nakababatang pantas ng Bagong Kasaysayan ang higit pang pag-aaral ukol dito.[42] Sa kasalukuyan, si Navarro at Adonis Elumbre ang mga pangunahing tagapagsulong ng araling kabanwahan.

Ang huling aklat na mainam pagtuunan ng pansin ay ang *Bayani at Heroe*[43] na nailimbag noong 2017. Nagsimula ito sa debate na naganap sa pagitan ni Salazar at Floro Quibuyen ukol kay Rizal. Binatikos ni Quibuyen ang distinksyon ni Salazar sa pagitan ng bayani at *heroe* sa konteksto ng dambuhalang pagkakahating pangkalinangan, kung saan ikinategorya si Rizal bilang *heroe,* at binansagan ito na pekeng dikotomiya. Bilang tugon, iginiit ni Salazar na ang bayani at *heroe* ay mga konseptong nagmula sa dalawang magkaibang kontekstong pangkalinangan. Ipinakita niya ang pagkakaugat ng Espanyol na *heroe* sa Griyegong *heros,* na kinakarakterisa ng pagiging katangi-tangi at pagpapakamartir. Pagkatapos nito ay ipinaliwanag niya na ang Pilipinong bayani ay nakabatay sa Austronesyanong *barani/bagani*, na nagbibigay ng ginhawa sa bayan at laging kasama ng bayan sa pakikibaka. Para kay Salazar, hindi si Rizal kundi si Bonifacio ang maikakategorya bilang bayani. Ang mahalaga rito para sa paksa ng artikulo ay ang pag-uugnay na ginawa ni Salazar sa dalawang penomenong pangkasaysayan na pinaghihiwalay ng libo-libong taon: ang nosyon ng kabayanihan sa panahon ni Bonifacio noong ikalabingsiyam na dantaon sa isang banda, at ang pangkalinangang dalumat ng *barani/bagani* noong panahon ng mga Austronesyano sa Pilipinas.

Isa sa madalas na mga puna ng mga kritiko kay Salazar ay ang akusasyon na istatiko ang tingin nito sa kalinangan. Anila, dinamiko ang kultura at lumalaki ang pagbabago nito habang tumatagal ang agos ng kasaysayan. Kaya naman para sa kanila ay malaking pagkakamali ang tendensya ni Salazar na iugnay ang maraming elemento ng kulturang Pilipino sa kabihasnang Austronesyano, gayong libo-libong taon na ang nakararaan mula nang matapos ang yugtong ito. Ngunit maging kay Salazar ay malinaw ang katotohanang dinamiko ng kultura. Sa katunayan, ito mismo ang punto niya nang ipahayag niya na:

---

[41] Personal communication with Atoy Navarro in Facebook, March 24, 2019.

[42] Mark Joseph P. Santos, "Paunang Salita," in *Ang Pilosopiya ng Kasaysayang Rehiyunal,* eds., Alexander P. Asumbrado, et al, xviii (Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2019).

[43] Arvin Lloyd Pingul, et al, eds., *Pamana ng Ika-19 na Dantaon: Pagtatakdang Pangkasaysayan. Bayani at Heroe sa Pagbubuo ng Bansa* (Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2017).

© 2020 Mark Joseph P. Santos

> Mauunawaan nga natin ang ating pagkatao, ang kakanyahang Pilipino, sa pag-aaral ng nakaraan; subalit kailanman hindi natin makikita rito ang ating buong pagkatao, sapagkat ang kakanyahang Pilipino ay isang pangkasaysayang bagay –i.e., hindi naitakda o naibigay nang magpakailanman.[44]

Kung gayon, paano mabibigyang katwiran ang pag-uugnay na ginagawa ni Salazar ng kulturang Pilipino sa kabihasnang Austronesyano? Ang sagot ay mababakas sa konsepto ng *longue duree,* na hinulma ng mga historyador na tagapagsulong ng Annales*,* isang eskwela ng historiograpiya na yumabong sa Pransya noong ikadalawampung dantaon. Upang maunawaan ang *long duree,* mainam na talakayin nang pahapyaw ang tatlong antas ng panahon sa kasaysayan, na ipinaliwanag sa aklat na *On History* ni Fernand Braudel, isa sa pinakaprominenteng historyador ng Annales. Sa maraming bahagi ng aklat ay makailang ulit na binatikos ni Braudel ang tradisyunal na historiograpiya sa Pransya na nag-aaral ng maiiksing panahon. Madalas na nakatuon ang ganitong uri ng pananaliksik sa kasaysayang pampulitika, at sa buhay ng mga itinuturing na mga dakilang taong ipinagpapalagay na lumilikha ng kasaysayan. Iginiit ni Braudel na ang pag-aaral ng kasaysayan bilang maiiksing panahong nakatuon sa mga indibiduwal ay preokupasyon dapat ng mga mamamahayag at hindi ng mga historyador. Marapat na lagpasan ang ganitong uri ng kasaysayan at suriin ang mas malawak na antas nito.[45] Para kay Braudel, may tatlong magkakaibang antas ng kasaysayan bilang panahon na tinagurian niya na: a. *individual time* ng *traditional history,* b. *social time* ng *conjunctural history,* at c. *geographical time* ng *structural history*.[46] Ang *individual time* ay ang nabanggit nang maiksing panahon na tuon ng tradisyunal na historiograpiya. Bagaman hindi eksklusibo sa *individual time* ang kasaysayang pulitikal, ito ang pinakamadalas na tuon sa antas na ito. Kontra rito, umusbong ang pag-aaral sa *social time* na sumasaklaw sa napakaraming dekada at lumalagpas pa sa mahahabang siglo.[47] Naging preokupasyon ng Annales ang pag-aaral sa antas ng panahong ito, mula pa man sa panahon nina Lucien Febvre at Marc Bloch, mga tagapagtatag ng Annales, na nanguna sa pagpapayabong ng kasaysayang panlipunan at kasaysayang pang-ekonomiya. Ani ni Braudel, mapag-aaralan sa antas na ito ang kasaysayan ng mga sibilisasyon.[48]

[44] Zeus Salazar, "Pagpapasakasaysayang-Pilipino ng Pre-Ispaniko", in *Kasaysayan: Diwa at Lawak,* ed., Zeus Salazar (Quezon City: Kolehiyo ng Sining at Agham, Unibersidad ng Pilipinas, 1974), 177.

[45] Fernand Braudel, *On History,* trans. Sarah Matthews (Chicago: The University of Chicago Press, 1980), 11.

[46] Braudel, *On History,* 4.

[47] Braudel, *On History,* 89.

[48] Braudel, *On History*, 12.

Ngunit may isa pang antas ng kasaysayang may mas malawak kaysa rito. Ito ang *geographical time* o mas kilala bilang *long duree,* termino na si Braudel ang nagpasikat. Ang *long duree* ay ang pinakamahabang antas ng kasaysayan bilang panahon. Inilatag ni Braudel ang terminong ito bilang tugon sa *l'histoire evenementielle* (kasaysayan ng mga pangyayari) na madalas ding ipantawag sa tradisyunal na kasaysayan. Aniya, kung ang uri ng pagbabago sa *individual time* ay napakabilis, habang ang pagbabago sa *social time* ay mas mabagal, pinaka mabagal ang takbo ng pagbabago sa antas ng *long duree.* Ito ay bunga ng mga istruktura sa kasaysayan na mabagal ang pinagdadaanang proseso ng pagbabago tulad ng heyograpiya, klima, biolohiya, at iba pa.[49] Nagdudulot ang mga ito ng unipormadong epekto sa kultura sa loob ng napakahabang panahon. Para sa kanya, panahon na upang mas pagtuunan ng pansin ng mga historyador ang pag-aaral sa antas na ito. Ngunit hindi ito umano nangangahulugan na dapat nang itakwil ang maiiksing antas ng panahon. Ang kailangan lamang ay maayos na integrasyon ng tradisyunal na kasaysayan sa antas ng *social time* at *long duree.* Binigyang demonstrasyon mismo ni Braudel kung paano ito gawin nang isulat niya ang kanyang klasikong akda noong 1949 na *The Mediterranean and the Mediterrenean World in the Age of Philip II*. Ang aklat ay binubuo ng tatlong bahagi na kumakatha ng naratibo batay sa pagkakaugnay-ugnay ng tatlong antas ng panahon sa kasaysayan na natalakay.

Hindi naman ikinakaila ng Bagong Kasaysayan ang paggamit nito ng ilang metodolohiya mula sa *Annales* tulad ng pagsusuri ng *longue duree.* Sa katunayan, sa aklat na *Paksa, Paraan at Pananaw sa Kasaysayan,*[50] na kaulatan ng kumperensyang pinangunahan ni Salazar noong 1989, ipinaliwanag ang pagkasangkapan ng Bagong Kasaysayan sa ilang historiograpikal na diin ng *Annales,* liban pa sa *longue duree,* tulad ng kritisismo nito sa positibismo at pagsusulong sa interdisiplinaryong lapit sa kasaysayan. Gayundin, sa artikulong *Kasaysayan ng Kasaysayan bilang Disiplina sa Pilipinas* na isinulat ng mga dating mag-aaral ni Salazar (at kasamang inilimbag sa kauna-unahang antolohiya ng mga sanaysay ukol sa Pantayong Pananaw), ipinaliwanag na ang Bagong Kasaysayan ay bunga ng pagtatagpo ng Pilipinong dalumat ng kasaysayan bilang salaysay na may saysay sa isang banda, at *historia* ng mga

[49] Braudel, *On History*, 31.
[50] María Bernadette L. Abrera, et al, eds., *Paksa, Paraan at Pananaw sa Kasaysayan: Ulat ng Unang Pambansang Kumperensya sa Historiograpiyang Pilipino, 27 March - 1 April 1989* (Quezon City: Departamento ng Kasaysayan, Unibersidad ng Pilipinas, 1993).

© 2020 Mark Joseph P. Santos

Kastila bilang kronika (at kalaunan, positibismo ng Alemanya at Annales ng Pransya) sa kabilang banda.[51]

Katumbas ng tatlong antas ng panahon ni Braudel ang tatlong nibel ng kultura ng Belgianong teologo na si Edward Schillebeeckx: 1. *Ephemeral*, 2. *Conjunctural*, at 3. *Structural*. Malikhaing ipinaliwanag ni de Mesa ang sinipi niyang tatlong kategorisasyon ng kultura ni Schillebeeckx sa pamamagitan ng metapora ng tatlong bahagi ng dagat.[52] Ang *ephemeral* ay ang antas ng kultura na maihahalintulad sa ibabaw ng dagat, kung saan mabilis ang pagdaloy ng tubig. Sa antas na ito, mabilis ang nagaganap na pagbabago sa kalinangan. Magagamit na ehemplo rito ang uri ng pananamit at preperensya sa musika. Ang *conjectural* naman ay tulad ng gitnang bahagi ng dagat kung saan katamtaman ang bilis ng pagdaloy ng tubig. Sa antas na ito, katamtaman ang bilis ng pagbabagong pangkalinangan. Halimbawa nito ay ang pagpapahalaga sa pamilya. Ang ikatlong antas, ang *structural,* ay maikukumpara naman sa pinakailalim na bahagi ng dagat kung saan napakakabagal ng daloy ng tubig. Sa antas na ito, napakatagal na panahon ang lumilipas bago magkaroon ng pagbabago. Nasa kategoryang ito ang usapin ng pananaw-pandaigdig o kolektibong kamalayan ng isang grupo ng mga tao.

Sa ganitong konteksto ng *longue duree* at tatlong antas ng kultura magkakaroon ng lohika ang tendensya ni Salazar na iugnay ang kalinangan ng Kapilipinuhan sa matanda nitong Austronesyanong nakaraan. Sa pamamagitan ng pag-uugnay na ito sa mga Austronesyano ay nagtagumpay si Salazar na bigyan ng pangmahabaang panahon na pagsusuri ang kasaysayan at kalinangang Pilipino. Nangangahulugan ito na ang mga dalumat ng kakanyahang Pilipino tulad ng kabayanihan ay maaaring maiugat, hindi sa mga banyagang konsepto ng kolonyal na nakaraan (hal. Espanyol na *heroe*), kundi sa orihinal na mga dalumat ng ninuno nitong kalinangan (hal. Austronesyanong *barani/bagani*).

---

[51] Myra Gallardo, et al, "Ang Kasaysayan ng Kasaysayan Bilang Disiplina sa Pilipinas ayon sa Klase ng Historiograpiya ni Dr. Salazar" in *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan,* eds., Atoy Navarro, et al, 159-170 (Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 1997).

[52] Jose M. de Mesa, *Why Theology is Never Far From Home* (Manila: De La Salle University Press, 2003), 168-170.

© 2020 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

## Sarili, Kapwa, Iba: Paglalagom

Matagal na panahong nangibabaw ang pagkakagapos ng Kapilipinuhan (bilang sarili) sa Kanluran (bilang iba). Ang kolonyal na kamalayan na bunga ng mahabang karanasan ng pagkakasakop ay nagbunga ng samu't saring suliranin na naisalamin ng historiograpiyang Pilipino. Ilan sa mga ito ay ang pananaig ng peryodisasyong prekolonyal-kolonyal-postkolonyal, eksaheradong pagtuon sa kolonyal na panahon, at pagtanggap sa diskurso ng impluwensya. Ang mga suliraning ito na maiuugat sa tensyon sa pagitan ng sarili at iba ay binigyang lunas ni Salazar sa pamamagitan ng pagpopook ng sarili sa kapwa. Binubuo ang kapwang ito ng dalawang antas: ang malapit na kapwa na kinabibilangan ng mga bansang Pan-Malayo at ang malayong kapwang kinapapalooban ng mga kalinangang Austronesyano.

Sa pamamagitan ng pagbaybay sa walong akda ni Salazar ay nakapaglatag ang papel ng preliminaryong eksposisyon sa trikotomiya ni Salazar. Naipakita kung paano naipook ni Salazar ang Kapilipinuhan sa mundong Pan-Malayo at Austronesyano. Ang tambalang ito ng sarili-kapwa ang nagbigay resolusyon sa mga suliraning dulot ng tensyong sarili-iba. Nakapaghain si Salazar ng naiibang pagpapanahon na pamalit sa nakagisnang peryodisasyon. Sa pamamagitan ng pag-angkin sa Pan-Malayo at Austronesyanong nakaraan, napahaba ang kasaysayang Pilipino na nagbigay daan sa pagpapaliit ng saysay ng panahong kolonyal. Tinanggalan din ng kapangyarihan ang diskurso ng impluwensya dahil naipamalas na ang esensya ng kakanyahang Pilipino ay maiuugat hindi sa kolonyalismo kundi sa matanda nitong nakaraan.

Lahat ng ito ay nagpapatunay na ang rehiyunalismo ni Salazar ay hindi kontradiksyon sa kanyang nasyonalismo. Bagkus, ang rehiyunalismo pa ngang ito ang nagbigay-daan sa mas malalim at mas masalimuot na nasyonalistang historiograpiya ni Salazar. Ang rehiyunalistang batayan ng kanyang nasyonalismo ang naghihiwalay kay Salazar sa mga naunang nasyonalistang historyador gaya nina Teodoro Agoncillo at Renato Constantino, na walang Pan-Malayo at Austronesyanong konteksto sa pagsulat ng pambansang kasaysayan. Naipamana ni Salazar ang ganitong uri ng pambansang pagsasakasaysayang may rehiyunalistang konteksto sa sumunod na henerasyon ng mga historyador ng Bagong Kasaysayan, na hanggang ngayon ay isa sa mga natatanging karakteridad ng samahan. Maliwanag para kay Salazar at mga historyador ng Bagong Kasaysayan na ang pagpopook ng sarili sa kapwa ang daan tungo sa pagkalas ng Kapilipinuhan sa pangkamalayang pagkakagapos nito sa Kanluran, at ganap na pagbuo ng isang kapantasang Pilipinong may kasarinlan.

© 2020 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

## References

Abrera, María Bernadette L., Dedina A. Lapar. Eds. *Paksa, Paraan at Pananaw sa Kasaysayan: Ulat ng Unang Pambansang Kumperensya sa Historiograpiyang Pilipino, 27 March - 1 April 1989*. Quezon City: Departamento ng Kasaysayan, Unibersidad ng Pilipinas, 1993.

Agoncillo, Teodoro A. *History of the Filipino People*. Quezon City: C&E Publishing Inc., 2012.

Braudel, Fernand. *On History*. Translated by Sarah Matthews. Chicago: The University of Chicago Press, 1980.

Chu, Richard T. Ed. *More Tsinoy Than We Admit: Chinese-Filipino Interactions Over the Centuries*. Quezon City: Vibal Foundation, 2015.

Chua, Michael Charleston B. "Ang Dapat na Tadhana ng Tadhana: Isang Muling Sulyap sa Pamana ng Intelektwal na Produksyon ng Diktadurang Marcos ukol sa 17-18 Siglo." Book Review in the Kasaysayan 203 class of Vicente Villan in University of the Philippines, Diliman. First Semester of 2010-2011.

Constantino, Renato. *The Philippines, Volume 1: A Past Revisited*. Quezon City: Renato Constantino, 1975.

Curaming, Rommel. "Filipinos as Malay." In Melayu: The Politics, Poetics and Paradoxes of Malayness. Edited by Maznah Mohamad and Syed Muhd Khairudin Aljunied, 241-273. Singapore: National University of Singapore Press, 2011.

_________________. "Hegemonic Tool? Nationalism in Philippine History Textbooks, 1900–2000." *Philippine Studies* volume 65, no. 4 (2017): 417-450.

De Mesa, Jose. *Why Theology is Never Far From Home*. Manila: De La Salle University Press, Inc., 2003.

© 2020 Mark Joseph P. Santos

De Viana, Augusto V. "The Dream of Malayan Unity: President Diosdado Macapagal and the Maphilindo." *SEJARAH: Journal of the Department of History* 24:1 (2015): 42-76.

Donoso, Isaac. Ed. *More Hispanic than We Admit: Insights into Philippine Cultural History*. Quezon City: Vibal Foundation, 2008.

___________. Ed. *More Islamic than We Admit: Insights into Philippine Cultural History*. Quezon City: Vibal Foundation, 2018.

Elumbre, Adonis L. "Lokalisasyon at Kabanwahan Bilang mga Lapit sa Rehiyunalismo ng Timog Silangang Asya." In *Pantayong Pananaw: Pagyabong ng Talastasan. Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar*, edited by Atoy M. Navarro, Mary Jane B. Rodriguez-Tatel and Vicente C. Villan, 253-261. Quezon City: Bagong Kasaysayan Inc., 2015.

Enriquez, Virgilio G. *From Colonial to Liberation Psychology: The Philippine Experience*. Quezon City: University of the Philippines Press, 2016.

Gagelonia, Pedro. *Filipino Nation: History and Government*. Metro Manila: National Bookstore: 1977.

Gallardo Myra, Elsie Ramos. "Ang Kasaysayan ng Kasaysayan Bilang Disiplina sa Pilipinas ayon sa Klase ng Historiograpiya ni Dr. Salazar." In *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan*. Edited by Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez, and Vicente Villan, 159-170. Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 1997.

Go, Julian. Ed. *More American than We Admit: America's Cultural Influence on the Philippines.* Quezon City: Vibal Foundation, 2015.

Guillermo, Ramon. "Exposition, Critique and New Directions for Pantayong Pananaw." *Kyoto Review of Southeast Asia* 3 (March 2003).

Lasco, Lorenz. "Mga Kadahilanan Kung Bakit Wala Tayong Malalaking Gusali o Templo Noong Dating Panahon." *Saliksik E-Journal* 3: 1 (August 2014): 119-172.

Marcos, Ferdinand E. *Tadhana: The History of the Filipino People, Volume 2, Part 1: Encounter (1565-1663)*. n.p.: Ferdinand E. Marcos, 1976.

© 2020 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

________________. *Tadhana: The History of the Filipino People, Tomo 2, Bahagi 2: Reaction (1663-1765)*. n.p: Ferdinand E. Marcos, 1977.

Marx, Karl, Friedrich Engels. *Manifesto ng Partido Komunista.* Edited and translated by Zeus A. Salazar. Quezon City: Bagong Kasaysayan Inc., 2000.

Ocampo, Ambeth. *Talking History: Conversations with Teodoro A. Agoncillo*. Manila: UST Publishing House, 2011.

Navarro, Atoy M. "Araling Kabanwahan, Kasaysayang Kabanwahan, at Araling Timog Silangang Asya." *Saliksik E-Journal* 1:2 (2012): 1-32.

______________. "Pagbubunyi kay Zeus Salazar: Tagapangunang Paham ng Araling Kabanwahan." In *Pantayong Pananaw: Pagyabong ng Talastasan. Pagbubunyi kay Zeus A. Salazar*, edited by Atoy M. Navarro, Mary Jane B. Rodriguez-Tatel and Vicente C. Villan, 253-261. Quezon City: Bagong Kasaysayan Inc., 2015.

Pingul, Arvin Lloyd, Jose Mario De Vega, Trixie Cariño. Eds. *Pamana ng Ika-19 na Dantaon: Pagtatakdang Pangkasaysayan. Bayani at Heroe sa Pagbubuo ng Bansa*. Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2017.

Salazar, Zeus A. "Ang Pagpapasakasaysayang Pilipino ng nakaraang Pre-Ispaniko." In *Kasaysayan: Diwa at Lawak*. Edited by Zeus Salazar, 163-196. Quezon City: Kolehiyo ng Sining at Agham, Unibersidad ng Pilipinas, 1974.

______________. "A Legacy of the Propaganda: The Tripartite View of Philippine History." In *Ethnic Dimensions: Papers on Philippine Culture, History and Psychology*. Edited by Zeus Salazar, 107-126. Cologne: Counselling Center for Filipinos, Caritas association for the City of Cologne, 1983.

______________. *Kasaysayan ng Pilipinas: Isang Balangkas*. Quezon City: Departmento ng Kasaysayan, Dalubhasaan ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas, 1993.

© 2020 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

_______________. "Ang Pantayong Pananaw bilang Diskursong Pangkabihasnan." In *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan. Pambungad sa Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan*. Edited by Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez and Vicente Villan, 79-126. Quezon City: Palimbagan ng Lahi, 1997.

_______________. *The Malayan Connection: Ang Pilipinas sa Dunia Melayu.* Quezon City: Bagong Kasaysayan Inc., 1998.

_______________. *Kasaysayan ng Kapilipinuhan: Bagong Balangkas*. Quezon City: Bagong Kasaysayan, Inc., 2004.

_______________. *Ang Pilipinong Banwa/Banua sa Mundong Melano-Polinesyano*. Quezon City: Bagong Kasaysayan Inc., 2006.

Salazar, Zeus A., Wilfredo E. Tamayo, Jaime B. Veneracion, and Elizabeth A. Pastores. *Kabihasnang Asyano: Isang Pangkasaysayang Introduksyon*. Mandaluyong: Cacho Publishing House Inc., 1990.

Salazar, Zeus A., Atoy M. Navarro, Sharon M. Maminta, and Lars Reymund C. Ubaldo. *Asya: Kasaysayan at Kabihasnan*. Quezon City: Abiva Publishing House Inc., 2010.

Santos, Mark Joseph P. "Ang Paglago ng Pantayong Pananaw sa Konteksto ng Kapantasan ni Zeus A. Salazar: Isang Maikling Pagsasakasaysayan, 1951-2019." *TALA* 2, no. 2 (December 2019): 46-92.

____________________. "Paunang Salita." In *Ang Pilosopiya ng Kasaysayang Rehiyunal*. Edited by Alexander P. Asumbrado, Paula Louise L. Monilla, Aira Lei L. Nunag, and Audrey Stephanie L. Quibot, xi-xx. Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2019.

____________________. Ed. *Martes sa Escaler II: Pilosopiya ng Kasaysayan. Talakayan ng mga Mag-aaral sa PUP. Klase sa Historiograpiya ni Dr. Zeus Salazar*. Quezon City: Bagong Kasaysayan, Inc., 2019.

Santos, Mark Joseph P., Axle Christien J. Tugano, eds. *Martes sa Escaler. Klase sa Historiograpiya ni Zeus A. Salazar.* Quezon City: Bagong Kasaysayan, 2019.

Zaide, Sonia M. *The Philippines a Unique Nation*. Quezon City: All Nations Publishing Co., Inc., 1994.

© 2020 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108